
# CHURCH PEOPLE - WORKERS SOLIDARITY

**Human Dignity * Common Good**

***"Church People and Workers in Solidarity, Reclaim the Dignity of Human Work!"***

**Church People-Workers SOLIDARITY**
Room 106, CICM Guest House Building
No. 60, 14th Street, New Manila, Quezon City
Telefax no.  (02) 584-3190
Mobile: 0922.386.3594; 0946.468.9826
Email Address: churchfortheworkers@gmail.com

# P125 Sahod Dagdagan Praymer



***Sahod Dagdagan, Makabuluhan***

***Gabay sa Talakayan para sa Pakikibaka para sa Makabuluhang Sahod***

CWS-Church People Workers Solidarity

Kmu-Kilusang Mayo Uno

Courage-Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees

Kadamay-Kalipunan ng Damayang Mahihirap

Gabriela

Migrante

Anakbayan

*Inilalathala ang gabay na ito para mahigpit na pagkaisahin ang mga manggagawa at mamamayan sa pagsusulong ng pakikibaka para sa makabuluhang dagdag-sahod sa balangkas ng pambansa — demokratikong pakikibaka.*



**SUMMARY OF CURRENT REGIONAL DAILY MINIMUM WAGE RATES**
**Non-Agriculture,Agriculture**
**As of October 2013 (In pesos)**

| REGION | WO No. / DATE OF EFFECTIVITY | NON-AGRICULTURE | AGRICULTURE | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Plantation | Non-Plantation |
| NCR a/ | WO 04/October 2013 | P 429.00 - 466.00 | P 429.00 | P 429.00 |
| CAR b/ | WO 15/June 18, 2012 | 263.00 - 280.00 | 246.00 - 262.00 | 246.00 - 262.00 |
| I c/ | WO 15/July 25, 2012 | 233.00 - 253.00 | 233.00 | 205.00 |
| II d/ | WO 15/May 16, 2012 | 247.00 - 255.00 | 235.00 - 243.00 | 235.00 - 243.00 |
| III e/ | WO 17/October 11, 2012 | 285.00 - 336.00 | 270.00 - 306.00 | 258.00 - 290.00 |
| IV-A f/ | WO 15/May 15, 2012 | 255.00 - 349.50 | 251.00 - 324.50 | 231.00 - 304.50 |
| IV-B g/ | WO 06/February 1, 2013 | 205.00 - 275.00 | 215.00 - 225.00 | 215.00 - 225.00 |
| V h/ | WO 15/ April 7, 2012 | 228.00 - 252.00 | 228.00 | 228.00 |
| VI i/ | WO 20/ May 31, 2012 | 235.00 - 277.00 | 245.00 | 235.00 |
| VII j/ | WO17/December 7, 2012 | 282.00 - 327.00 | 262.00 - 309.00 | 262.00 - 309.00 |
| VIII k/ | WO 17/October 16, 2012 | 260.00 | 235.00 - 241.00 | 220.50 |
| IX l/ | WO 18/ Jun. 10, 2013 | 280.00 | 255.00 | 235.00 |
| X m/ | WO 17/June 20, 2013 | 291.00 - 306.00 | 279.00 - 294.00 | 279.00 - 294.00 |
| XI n/ | WO 17/Jan. 1, 2012 | 301.00 | 291.00 | 291.00 |
| XII o/ | WO 17/April 18, 2012 | 270.00 | 252.00 | 249.00 |
| XIII p/ | WO 12/May 21, 2013 | 268.00 | 258.00 | 238.00 |
| ARMM q/ | WO 14/ September 21, 2012 | 232.00 | 232.00 | 232.00 |

**SUMMARY OF CURRENT REGIONAL DAILY MINIMUM WAGE RATES**
**Non-Agriculture,Agriculture**
**As of January 2011 (In pesos)**

| REGION | WO No. / DATE OF EFFECTIVITY | NON-AGRICULTURE | AGRICULTURE | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Plantation | Non-Plantation |
| NCR a/ | WO 15/July 01, 2010 | P 404.00 | P 367.00 | P 367.00 |
| CAR b/ | WO 14/January 1, 2011 | 255.00 – 272.00 | 238.00 – 254.00 | 238.00 – 254.00 |
| I c/ | WO 13/January 20, 2011 | 228.00 – 248.00 | 280.00 | 200.00 |
| II d/ | WO 13/June 15, 2008 | 227.00 – 235.00 | 215.00 – 223.00 | 215.00 – 223.00 |
| III e/ | WO 15/Nov. 22, 2010 | 265.00 – 316.00 | 250.00 – 286.00 | 230.00 – 270.00 |
| IV-A f/ | WO 13/January 15, 2011 | 253.00 – 337.00 | 233.00 – 312.00 | 213.00 – 292.00 |
| IV-B g/ | WO 05/Nov. 11, 2010 | 252.00 – 264.00 | 210.00 – 219.00 | 190.00 – 199.00 |
| V h/ | WO 14/ Nov. 1, 2010 | 204.00 – 247.00 | 215.00 – 225.00 | 195.00 – 205.00 |
| VI i/ | WO 18/ August 12,2010 | 223.00 – 265.00 | 233.00 | 223.00 |
| VII j/ | WO15/Sept 1, 2010 | 240.00 – 285.00 | 220.00 – 267.00 | 220.00 – 267.00 |
| VIII k/ | WO 15/June16, 2008 | 238.00 | 213.00-219.00 | 198.50 |
| IX l/ | WO 16/ Sept. 9, 2010 | 255.00 | 230.00 | 210.00 |
| X m/ | WO 15/August 22, 2010 | 254.00 – 269.00 | 242.00 – 257.00 | 242.00 – 257.00 |
| XI n/ | WO 16/Sept. 1, 2010 | 286.00 | 276.00 | 276.00 |
| XII o/ | WO 16/Oct. 31, 2010 | 255.00 | 235.00 | 230.00 |
| XIII p/ | WO 10/August 25, 2010 | 243.00 | 233.00 | 213.00 |
| ARMMq/ | WO 12/ August 20, 2010 | 222.00 | 222.00 | 222.00 |



Ayon sa Ibon Foundation, isang progresibong sentro ng pananaliksik, batay mismo sa internasyunal na pamantayan at sa pinakahuling estadistika ng gobyerno sa taong 2006, 79 sa bawat 100 Pilipino ang mahirap. Sa nasabing pamantayan, sisinghapsinghap sa gutom ang mga pamilyang nabubuhay sa P86 arawang sahod lalo na iyong mas mababa pa rito. Ang masakit nito, kalahati ng pamilyang Pilipino ang nabubuhay lang sa P18-54 kita kada araw. Sinabi pa ng Ibon na sa **taong 2009, 28.5 million ang nagugutom dahil sa kawalan o kakapusan ng pambili ng** pagkain, na sinabayan pa ng pagtaas ng mga presyo.

Ayon pa rito, malamang na mas lalong dumami ang mga naghihirap at nagugutom sa bansa sapul noong 2006 dahil nananatiling napakababa ng sahod samantalang nagtataasan ang presyo ng mga batayang produkto at serbisyo. Maging sa mismong pag-aaral ng gobyerno, kapos na kapos ang sahod sa pang-araw-araw na pangangailangan ng karaniwang pamilyang Pilipino.

Ayon sa National Wages and Productivity Commission, noon pa mang Setyembre 2008 ay nasa P917 na ang kabuuang halaga ng isang araw na pangangailangan ng isang karaniwang pamilyang Pilipinong may limang miyembro at ayon din sa Ibon kailangan Php1,034 para sa isang pamilya na 6 katao para mabuhay ng disente.( Ibon,December 2012) Napakaraming pangyayari ang nagpapatunay ng pagtindi ng kahirapan, kagutuman at pambubusabos na dinaranas nating mga manggagawa ngayon sa pribado at pampublikong sektor.

Bunsod ng ganitong kalagayan tumitindi ang panawagan natin para sa makabuluhang dagdag-sahod – nang sa gayo'y maibsan man lang ang ating mahirap at busabos na katayuan. Isang hamon sa atin ang kasalukuyang panawagan. Isang hamon sa mga lider at miyembro ng mga organisasyong nagsusulong ng makabayan at demokratikong interes ng mga manggagawa at mamamayan. Isang hamon para isulong at

pamunuan ang pakikibaka para sa makabuluhang dagdagsahod at kontra sa kahirapan, pambubusabos at kagutuman.

**Gaano kababa ang sahod sa Pilipinas?**

Napakaliit ng sahod sa Pilipinas kumpara sa kabuuang yamang nalilikha ng pambansang paggawa. Kakatiting kumpara sa yamang kinakamal ng mga kapitalistang dayuhan at komprador, panginoong maylupa at burukrata-kapitalista – sa anyo man ng tubo, upa (na sa ilang sector ng agrikultura ay parte sa ani), o interes. Idagdag pa ang pangungurakot ng mga nasa poder sa buwis na halagang likha rin ng paggawa. Lumilikha ang kasalukuyang sistema ng pasahod ng isang busabos at mahirap na kalagayan para sa masa ng manga gawa, na nagbubunga ng malaganap na kasiphayuan, kawalang pag-asa o pagtakas sa kalagayan. Pero nagbubunga rin ito ng ibayong pagbibigkis ng mga manggagawa sa mga unyon, pagsasama-sama ng mga unyon, ng mga malawakang pagkilos na lumalampas sa mga kilos-pabrika.

***Manggagawa sa pribadong sektor.* National Capital Region ang may pinakamataas na minimum na sahod sa bansa, pero P456 lang ito, kasama na ang mumong P40 dagdag na COLA ngayong 2013. Batay sa mga presyo noong 2000, P242 lang ang itinuturing na halaga ng sahod. Ibig sabihin, kung tunay na halaga ang pag-uusapan, o halaga ng** sahod kumpara sa umiiral na mga presyo ng mga bilihin, P5.00 lang ang itinaas nito sa tunay na halagang P238 ng minimum na sahod noong Nobyembre 2000 na P250. Sabihin pa, lumiit nang lumiit ang tunay na sahod sa loob ng nakalipas na 10 taon at umunti nang umunti ang mga kalakal at serbisyong nabibili nito. Napakaliit ng minimum na sahod. Pero walang pagkilala si Noynoy Aquino na dapat nang itaas ang sahod nating mga manggagawa. Simula nang maiproklama siyang panalo sa pagkapangulo, tuluy-tuloy na nanawagan tayong mga manggagawa at mamamayan ng makabuluhang dagdag-sahod.



paghandaan natin. Ang dagdag-sahod ay hindi kusang ibinibigay; ito'y ipinaglalaban. Ikatlo, ang anumang tagumpay natin sa dagdag-sahod ay pakikinabangan ng lipunan. Tatamasahin ito hindi lang ng ating mga pamilya kundi ng iba't ibang sektor ng lipunan, kahit sa kagyat. Makakabayad tayo ng utang sa mga mala-manggagawa – drayber, tindera – sa ating mga komunidad. Mababawasan ang pamumrublema ng mga maybahay sa pagkukuhanan ng panggastos, at magkakaroon ng panggastos ang mga anak nating kabataang nag-aaral.

Maging ang mga kababayan nating migrante ay napilitang umalis ng bansa dahil sa kawalan ng hanap-buhay at ng nakabubuhay na sahod sa bansa. Kaya mahalagang makaisa natin ang malawak na mamamayan sa labang ito ng mga manggagawa.

Gayunman, anumang benepisyo na maipagtagumpay natin ay maaaring bawiin ng naghaharing sistema sa iba't ibang anyo at paraan. Kaya ang pagkakaisa nating mga manggagawa at mamamayan ay mahalagang umabot sa pagkakaisa na isulong at kamtin mismo ang pambansang demokrasya sa bayan. Ang kahirapan at pambubusabos sa mga manggagawa ay salamin lang ng krisis na inabot na nating mga mamamayan sa ilalim ng lipunang malakolonyal at malapyudal, krisis na humahagupit din sa iba't ibang sector ng lipunan.

Masasawata lang ang patuloy na palalang krisis na ito kapag napalaya na ang bansa sa kontrol ng mga monopolyo-kapitalista at ng mga kasabwat na naghaharing uri sa bansa. Hindi lalaya ang mga manggagawang Pilipino hangga't hindi rin lumalaya ang ating bansa. Kaya interes ng mga manggagawa, kasama ng buong sambayanan, na maisulong at maipagwagi ang pambansang demokrasya, at sa proseso'y mailatag ang daan tungo sa sosyalismo. □

kapitalista, dayuhan man o lokal. Kaya anupaman ang panggigipit o pananakot, kakabit na ng buhay-manggagawa ang pakikibaka para sa dagdag-sahod. Totoo, ang pakikibaka para sa makabuluhang dagdag-sahod ay panlunas lang sa sintomas ng isang malalang sakit. Ang sakit ay walang iba kundi ang sistemang malapyudal at malakolonyal sa Pilipinas na nagpapairal at kumukunsinti na panatilihin ang sahod-alipin sa bansa. Isang sistema kung saan nagsasabwatan ang rehimeng Aquino at ang malalaking dayuhan at lokal na kapitalista para ipako ang sahod sa pinakamababang kaya para ihirit ang tubo sa pinakamataas. Magkagayunman, mahalaga ang pakikibaka natin para sa makabuluhang dagdag-sahod.

Una, itinutulak tayo ng katwiran, karapatan at katarungan na gawin ito. Nagtatrabaho tayo para mabuhay. Sinusuklian natin ng pagod ang bawat sentimong ibinabayad sa ating lakas-paggawa. Subalit higit pa riyan ang ginagawa natin, kaya naman patuloy na tumutubo ang mga pabrika at kompanya sa kabila ng krisis. Pero hindi tayo humihingi ng limos o mumo – kahit pa man gipit na tayo sa utang, hindi na makapasok sa eskwela ang mga bata, wala nang pamalengke si misis, hindi na mailabas sa ospital ang maysakit – kundi ang kilalanin na tayo'y tao, hindi alipin, hindi makina, na nabubuhay dahil sa dignidad ng ating lakas-paggawa. Napakalaki ng tinutubo ng kapitalista dahil sa ating lakas-paggawa pero napakaliit ng ating sahod. Nasaan dito ang katarungan? Ikalawa, hindi tayo pwedeng lumaban nang paisa-isa, nang pakanya-kanya. Sa tindi ng krisis, walang manggagawa na di maghahangad ng dagdagsahod. Kaya naman mahalagang pagkakataon ang labang ito para magkaisa tayong mga manggagawa at igiit ang kahilingan sa rehimeng Aquino, at laluna sa malalaking dayuhan at lokal na kapitalista.

Pagkakataon natin ito para magbuklod ang mga manggagawa para mag-unyon, mag-organisa, abutin ang iba pang unyon, at sabay-sabay na kumilos at makibaka. Kung kailangang umabot ito sa mga welga, rali at malalaking demonstrasyon ay



Pero ni hindi siya nagsalita tungkol dito, at lalong hindi kumilos.

Gawa pa ng rehimeng Arroyo ang huling bugso ng pagtaas ng sahod noong Mayo-Hunyo 2010. Nitong Enero na lang siya nagsalita sa usapin ng sahod, noong umiinit ang karaingan dahil sa sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. At ang sabi niya: hindi pa pwedeng magtaas ng sahod. Nagbigay lang ng mumong dagdag-sahod ang mga nagdaang rehimen.

Sumunod kay Ferdinand Marcos ay pinakamababa ang idinagdag na sahod ni Gloria Macapagal-Arroyo. Sa panahon din ni Arroyo pinakamababa ang pagtaas ng tunay na halaga ng sahod (P5) kumpara sa panunungkulan nina Cory Aquino (P82), Fidel Ramos (P16) at Joseph Estrada (P22). Sa kabila ito ng sunud-sunod at malalaking pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo sa ilalim ng panunungkulan niya. Lalong sumasahol ang larawan kapag tiningnan ang ibinibigay na minimum na pasahod sa iba't ibang rehiyon. Instrumento ang *wage regionalization* – na ipinatupad ng gobyerno sa bisa ng Wage Rationalization Act ng 1989 – para ibayo pang pababain ang antas ng sahod ng mga manggagawa sa buong bansa. Tinanggal nito ang dating pagtatakda ng pambansang minimum na sahod. Hindi nga lang, nagpataw pa ito ng mahigit 1,000 antas ng pagpapasahod sa buong bansa. Sa pamamagitan ng mga *regional wage boards* ay ginagamit ng gobyerno ang diumano'y iba't ibang kalagayan ng mga rehiyon para mas mapababa ang minimum na sahod. Sa tuwina, at sa dikta na rin ng mga kapitalista, mumong dagdag-sahod ang napapala nating mga manggagawa

Isa pang instrumento ang kontraktwalisasyon. Sinasamantala ng mgakapitalista ang malawakang kawalang-hanapbuhay sa bansa para ipatanggap ang kontraktwal na trabaho – mas mababa ang sahod,walang benepisyo, at pwedeng tanggalin sa trabaho sa anumang oras. Ayon sa Informal Sector Survey noong 2009, 13.28 milyon sa 23.08 milyong manggagawang

nagtatrabaho sa sektor na di-agrikultural – o nasa 58% — ang “mga manggagawang impormal” o kontraktwal. Hindi pa kasama rito ang napakaraming kontraktwal sa hanay ng mga manggagawang bukid na ibinibilang sa sektor na agrikultura. Napakaliit na nga ng minimum na pasahod, maraming kapitalista pa ang hindi nagpapatupad nito.

Noong 2007, sinabi mismo ng Department of Labor and Employment na halos 20% ng mga kumpanya sa bansa ang nagbabayad nang mas mababa sa minimum na sahod. Tiyak na mas mataas pa diyan ang totoong bilang sa buong bansa. Nitong huli, halimbawa, natuklasan din ng DOLE na 77% ng mga kumpanya, o 187 sa 244 negosyo, sa rehiyong Cordillera ang hindi nagbabayad ng tamang minimum na sahod. Kadalasan, sinasabi ng gobyerno na sa Collective Bargaining Agreement dapat ipaglaban nating mga manggagawa ang dagdag-sahod sa mga employer. Pero habang dumarami ang mga manggagawa, lumiliit ang Minimum na sahod sa Pilipinas, Marso 2011 bilang ng mga kasapi ng unyon: mula 3.85 milyon noong 2001, nasan 1.689 milyon na lang ito nitong Marso 2010, ayon mismo sa Bureau of Labor and Employment Statistics. Ang masahol pa, sa huling estadistika 39,205 na lamang ang saklaw ng CBA, o 0.002% ng kabuuang bilang ng mga manggagawa sa bansa [8]. Ibig sabihin, kakaunting  manggagawa lang ang nasasaklaw ng CBA, at ibang bagay pa kung paano nagmamaniobra ang mga kapitalista sa mga CBA na ito. ***Kawani sa pampublikong sektor.*** Mababa rin ang  sweldo ng mga kawani sa pampublikong sektor. Tumatanggap lang ng P6,149 kada buwan ang kawani ng gobyerno na nasa pinakamababang antas ng sweldo o Salary Grade (SG) 1. Wala pa rito ang mga *mandatory deductions* gaya ng *premium contributions* sa GSIS, *withholding tax*, PhilHealth, Pag-ibig at iba pa – na lalong nagpapaliit sa *take-home-pay* ng mga kawani. Mula 2001, ipin-ako na sa P5,082 ang *minimum salary*. Sa loob ng mahigit siyam na taon ng rehimeng Arroyo, 10% noong 2007 at 10% noong 2008 lang ang naging dagdag sa sweldo ng mga kawani.



paggawa. Hindi sahod ang nagpapahirap sa negosyo ng mga pambansang burgesya kundi ang napakamahal na gastos sa kuryente at langis at ang napakatinding kumpetisyong dala ng liberalisasyon ng kalakalan ng bansa at ng kaakibat nitong *smuggling*. Napakamahal ng kuryente at presyo ng langis dahil sa pagkontrol sa mga ito ng mga burges-komprador at malalaking dayuhang kapitalista. Ibig sabihin, hindi sahod ng mga manggagawa ang malaking bahagi ng gastos ng mga kapitalista – at nariyan ang lahat ng paraan para baratin nila ang sahod ng mga manggagawa. Itinutulak natin ang mga pambansang burgesya na lumaban para ibasura ng pamahalaan ng liberalisasyon sa kalakalan at ang pribatisasyon ng industriya ng enerhiya sa bansa. Dagdag pa, nariyan ang Senado at Kongreso para patayin ang mga panukalang batas tungkol sa makabuluhang dagdag-sahod. Syempre pa, nariyan din ang militar, pulisya, mga korte at karsel, at lahat ng makinarya ng pandarahas para supilin ang paglaban natin sa makabuluhang dagdag-sahod. Higit pa rito, nagpapatuloy ang pagatake sa mga organisasyon na tunay na nagsusulong ng kagyat at matagalang interes ng mga manggagawa.

**Bakit mahalaga ang laban para sa makabuluhang dagdag-sahod?**

Nagbebenta ng lakas-paggawa tayong mga manggagawa para mabuhay, hindi para mamatay. Subalit sa dinaranas na araw-araw na krisis pangkabuhayan, tulad ng pagtaas ng presyo ng bilihin at serbisyo, lalonglumiliit ang halaga ng nabibili ng sahod. Lalong dumaranas ng hirap atgutom ang manggagawa, sampu ng ating asawa at mga anak. Sino’ng manggagawa ang hindi makakaisip lumaban lalo’t kumikitid na ang mga mapapasukan at kahit ang pangingibang bayan ay lipos na rin ng kahirapan at puno ng banta at panganib sa ating kaligtasan at buhay? Pinatunayan din ng kasaysayan, at araw-araw na karanasan, na ang dagdag na sahod ay ipinaglalaban, at hindi kusang ipinagkakaloob ng mga

**Ano ang tindig ng gobyerno sa makabuluhang dagdag-sahod?**

Sa esensya'y sinasalamin ng gobyerno ang salungat na tindig ng mga kapitalistang dayuhan at komprador, mga panginoong maylupa at burukrata-kapitalista sa kahilingan para sa makabuluhang dagdag-sahod. Bagaman pumopostura itong "nyutral" at "nakaibabaw" sa mga isyu ng lipunan, sa aktwal ay isinusulong nito ang interes ng imperyalismo at mga naghaharing uri sa bansa. Samakatwid, hindi malalampasan ng estado o gobyerno ang tunay na papel nito: bilang lupong tagapangasiwa ng samu't saring gawain ng mga naghaharing uri. Sa tuwina, estado ito ng mga uring may-ari-arian laban sa mga uring walang ari-arian. Sa kasalukuyan, nangunguna ang gobyerno ni Noynoy sa pagwawalambahala sa kahilingan nating mga manggagawa. Hindi rin nakapagtataka kung tulad ng mga nakaraang rehimen ay ipangalandakan nito na magbubunga ng pagbagsak ng ekonomiya ang makabuluhang dagdag-sahod: na umano'y maraming pabrika ang mapipilitang magsara at marami ang matatanggal sa trabaho. Bukod pa, di rin malayong gumamit ito ng iba't ibang katwiran – pagsisinungaling, pambabaluktot, paglilihim – para hadlangan ang makabuluhang dagdag-sahod. Dati nang ginagamit ang iba't ibang ahensya ng gobyerno, ang mga luma at bagong dilawang sentrong unyon, ang mga bayarang "ekonomista" at intelektwal sa akademya, at ang burgis na masmidya para sawatain ang ating kahilingan. Di rin nakakagulat kung ang "daang matuwid" ni PNoy ay para lamang pala sa imperyalismo at mga naghaharing uri. Kontra-manggagawa at madayang propaganda ang sabihing babagsak ang ekonomiya at magdudulot ng pagsasara ng negosyo at tanggalan sa trabaho ang makabuluhang dagdag sa sahod ng mga manggagawa. Kahit sa hanay ng mga pambansang burgesya, na di hamak na mas delikado ang negosyo kumpara sa malalaking burgesya-komprador at dayuhang kapitalista, maliit na bahagdan lamang – nasa 10% na ang malaki – ang gastos sa



Dahil ayon sa porsyento ang taas-sweldo, mas maliit ang sweldo ng isang kawani, mas maliit ang natatanggap niyang umento, na nagpapasahol sa katayuan ng mga karaniwang kawani. Bilang reaksyon sa malakas na paglaban ng mga kawani sa pampublikong sektor, ipinatupad ni Arroyo ang Salary Standardization Law 3 (o SSL 3) noong 2009. Ginamit nitong batayan ang tinatawag na "*benchmarking*" o paghahambing sa sahod sa pribado at pampublikong sektor. Pero, habang sa isang banda ay kinikilala at pinagtitibay nito na mababa at kadusta-dusta ang sahod ng mga manggagawa at kawani, binibigyang-katwiran naman nito, sa isang banda, ang pagtataas sa sweldo ng mga *executives* at iba pang opisyal ng pamahalaan na nasa antas ng *manager*, CEO at COO sa mga pribadong kumpanya. Sa balangkas ng naturang batas, ipapatupad ang umentong mula 30% hanggang 142% sa loob ng apat na taon. Magiging P9,000 diumano ang minimum na sahod pagdating ng 2012. Ngunit batay na rin sa SSL 3 kahit ngayong taon pa ibigay nang buo ang umento, malayung-malayo ang P9,000 *minimum salary* na hinihingi ng mga kawani kumpara sa konserbatibong pagtaya ng gobyerno sa buwanang gastusin ng limang kataong pamilya na nasa P28,710 kada buwan. Mas mababa, at kadalasa'y hindi ipinapatupad, ang umento sa mga kawaning nasa mga Local Government Units o LGUs. Ekspresyon ang pagpapasweldo sa kanila ng patakarang *wage regionalization* ng gobyerno sa pampublikong sektor. Iba umano ang *cost of living* sa isang rehiyon kaya iba rin ang sweldo ng mga kawani, kahit na gumagampan ng parehong gawain. Ayon sa kita at kakayahang magpasahod ng LGUs ang pagpapatupad ng umento. Ibig sabihin, gaya rin ng mga kapitalista, maaaring hindi magpatupad ng umento ang mga ito gamit ang dahilang walang sapat na pondo.

**Bakit mababa ang sahod ng mga manggagawa?**

Likas sa kapitalista na panatilihing mababa ang sahod nating mga manggagawa para magkamal ng pinakamalaking tubong kakayanin upang makapanatili ang negosyo sa mabangis na

kompetisyon ng kapitalistang sistema. Sa sistemang kapitalista, pinagtatrabaho tayong manggagawa sa loob ng isang takdang panahon kapalit ng ibinabayad sa ating sahod. Ang binabayaran naman talaga ng kapitalista ay ang ating lakas-paggawa – ang kakayahan nating gumawa, hindi ang aktwal nating nagagawa, ang minimum na kailangan ng ating katawan para makapagtrabaho at makabalik kinabukasan para muling magtrabaho. Tinutumbasan ng sahod ang lakas-paggawa. Ngunit sa kalakaran ay lampas-lampas ang halagang nalilikha natin kaysa sa sahod na ibinabayad sa atin. Ang hindi bayad na paggawa natin ay pinaghahati-hatian ng mga naghaharing uri: tubo para sa kapitalista, upa sa lupa para sa panginoong maylupa, interes para sa kapitalista sa bangko at buwis para sa burukrata-kapitalista sa pamahalaan. Kung gaano kalaki ang tubo na kinikita ng kapitalista at liit naman ng sahod na ibinibigay sa atin ay siya ring tindi ng pagsasamantala sa manggagawa. Nararanasan nating mga manggagawa ang pagsasamantala sa loob ng takdang oras ng paggawa. Ngunit hinihigitan pang lalo ng kapitalista ang oras-paggawa. Kahit mga batang manggagawa noon ay pinagtatrabaho nang walang patumangga hanggang mawasak at bumigay ang murang katawan. Resulta ng magigiting na pakikibaka na tigmak ng luha at dugo kung bakit tinatamasa ng kasalukuyang manggagawa ang walong oras na araw paggawa. Dugo rin ang ipinuhunan ng hene-henerasyong manggagawa sa buong daigdig kungm bakit nagtatamasa ng dagdag na sahod at benepisyo ang mga manggagawa.Napaigsi na ang araw-paggawa, subalit labis-labis pa rin ang nakakamal ng kapitalista sa laki ng produksyong nalilikha natin. Sa takbo ng panahon ay humusay ang trabaho natin gamit ang modernong mga planta, makina at teknolohiya na nagpabilis ng proseso ng paggawa. Ngunit tumindi pang lalo ang tunggalian ng paggawa at kapital. Sa isang panig, sa loob ng lipunang ito kung saan kalakal ang turing sa lakas-paggawa, sinisikap nating manggagawa na palakihin ang parte ng bayad na paggawa – ang sahod. Sa kabilang panig, ginagawa ng kapitalista ang lahat upang mapalaki ang parteng di-bayad na paggawa – lalo



mga monopolyo-kapitalista. Ginawa nila ito sa pagkaltas sa buwis na kanilang binabayaran, pagsasapribado ng mga pag-aaring publiko, pagliliberalisa ng kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon kontra sa pampublikong interes, at laban sa interes ng buong bansa at mamamayan ng mundo. Naging instrumento ang masikil at maipit lalo ang mga bansang tulad ng Pilipinas. Noong dekada 1970 natipon ang napakalaking halaga sa mga bangko sa US, kasama na ang mga tinatawag na “petrodolyar” o kita ng mga bansang nag-eeksport ng langis. Ginamit ang mga pautang na ito para magdikta ng mga patakarang pabor sa mga monopolyo-burgesya at kasabwat nilang mga lokal na naghaharing uri. Sa kalagayang ito, lalong isinadlak ng “globalisasyon” ang mga bansa, kasama ang Pilipinas, sa isang malupit na kompetisyon. Tinatawag ang kompetisyong ito na “*race to the bottom*,” o “labanang pabagsakan” ng sahod para hikayatin ang pagpasok ng dayuhang kapital at ipatupad ang dikta ng mga pandaigididigang ahensyang nagpapautang. Sa kongkreto, nangahulugan ito ng pagliit ng sahod at benepisyo, pagatake sa seguridad sa trabaho, at paglabag sa karapatang mag-unyon ng mga manggagawa. Partikular sa sahod sa Pilipinas, ipinasa noong 1989 ang Wage Rationalization Act na nagpatupad ng *regionalization* o rehiyunalisasyon ng sahod. Binasag nito ang patakarang pambansang *minimum wage*. Sa pamamagitan naman ng Labor Code o Herrerra Law na ipinasa rin noong1989, at ng kasunod na mga kautusan ng DOLE, pinahintulutan ang malawakang kontraktwalisasyon. Pinahigpit din ng Herrera Law ang mga patakaran sa pagtatayo ng mga unyon at paglulunsad ng welga, habang pinaluwag ang mga patakaran laban sa paglabag ng mga kapitalista sa *labor standards*. Lalo itong nagpababa ng sahod nating mga manggagawa,m nagtanggal ng ating mga benepisyo, at ginawang napakadali para sa mga kapitalista na tanggalin tayo sa trabaho kahit hindi malinaw o talagang walang batayan.

Halimbawa, Si Henry Sy, na siyang pinakamayamang negosyanteng Pilipino at hari ng kontraktwalisasyon, ay nagtala ng US$13.2 net worth sa pinakahuling datos ng Forbes, higit na mataas sa $8 bilyong net worth niya noong nakaraang taon. Tatlong ulit ang inilaki ng kanyang net worth mula sa $4.2 bilyon noong 2010 o sa loob lamang ng tatlong taon. Samantala, apat na beses naman ang inilaki ng net worth ni Enrique Razon Jr., may-ari ng port opereytor na International Container Terminal Services Inc. (ICTSI), patungong $.4.9 bilyon mula $1.1 bilyon noong 2011 o sa loob lamang ng dalawang taon.

**Ano ang neoliberal na atake sa sahod?**

Mula noong dekada 1970, nagsabwatan ang mga monopoly kapitalista,gobyernong imperyalista at kanilang mga ahensyang pandaigdig, kasama ang mga lokal na naghaharing uri sa iba't ibang bansa – pangunahin ang malalaking burgesya -komprador – para ibayong pababain ang sahod nating mga manggagawa at ibayong palobohin ang tubo ng mga kapitalista. Ang komprehensibong atakeng ito ay makikita sa imperyalistan "globalisasyon." Nagtulak ang neo liberal na atake ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ng ekonomiya ng mundo.Noong maagang bahagi ng dekada 1970, muling umigting ang krisis ng labis na produksyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Bunsod ito ng pagbangon ng ekonomiya ng mga abanteng kapitalistang bansang Germany at Japan, ng paligsahan sa paramihan at pabangisan ng armaspandigma ng US at Unyong Sobyet sa panahong ito, at ng iba pang dahilan. Ngunit sinisi ang krisis sa umano'y mataas na sahod ng mga manggagawa at mataas na gastusin sa mga serbisyong panlipunan. Mula rito, pinaliit ang sahod ng mga manggagawa, pati ang kita ng malaking bahagi ng panggitnang uri. Pinaatras ang mga tagumpay ng mga mangga-gawa sa pakikibaka na natamo noong mga dekada 1930 at 1960, at pinaliit ang pondo para sa mga serbisyong panlipunan. Ibayong pinabilis ang pagkakatipon ng kapital sa kamay ng



na ang tubo. Sa manggagawa, alam natin ang dami ng produktong kailangan nating gawin upang matumbasan ang sahod. Sa kapitalista, kailangang lubusin ng manggagawa ang walong oras na paggawa kapalit ng sahod. Tinanggal din sa atin ang anumang karapatan sa mga produktong nagawa. Pag-aari ng kapitalista ang lahat ng iyon sa ganang binili na nito ang ating lakas-paggawa.

Gayunman, sinisiguro ng kapitalista na mayroong matitira sa manggagawa na magagamit natin upang patuloy na mabuhay at makapagtrabaho sa kanya. Ang parteng iyon na nakukuha natin upang matugunan ang mga pinakapayak na pangangailangan at mairaos man lang ang pangangailangan natin at ng ating pamilya sa araw-araw ay ang sahod. Hindi ito kailanman pinalalampas pa sa pinakapayak na pangangailangan. Sakali mang tumaas ang sahod nang lampas sa karaniwan, hindi iyon dahil sa kawanggawa ng kapitalista; manapa'y napipilitan siya na magbigay ng umento dahil sa pagkakaisa at pakikibaka ng mga manggagawa. Hindi kusang magbibigay ni isang sentimo ang kapitalista. Ni hindi siya kayang konsensyahin ng kahit anupamang relihiyon o ebanghelyo para magtaas ng sahod. Umiiral ang ganitong kalakaran sa anumang sistemang kapitalista, at sumasahol laluna sa mga atrasadong bansang malakolonyal at malapyudal tulad ng Pilipinas.

**Bakit higit na mababa ang sahod sa Pilipinas?**

Dahil bansot ang mga industriya at atrasado ang agrikultura ay lumolobo ang bilang ng walang trabaho sa Pilipinas. Walang matatawag na buu-buong industriya sa bansa na pagsisidlan ng dumaraming manggagawa at pwersa ng paggawa. Nananatili naman sa kanayunan ang malawak na monopolyo sa lupa at atrasadong pagsasaka na nagtutulak sa mga magsasaka na pumunta sa kalunsuran para humanap ng ikabubuhay. Sa ganitong kalagayan, nag-uunahan silang magbenta ng lakas-paggawa; tumitindi ang kompetisyon sa hanay mismo

nating mga manggagawa. Tuloy, sinasamantala ito ng mga kapitalista para pababain o baratin pa ang sahod natin. Sa mga lipunang napasok na ng kapitalistang pagsasamantala, kalakal ang turing sa lakas-paggawa. Wala itong iniwan sa anumang kalakal na nakapailalim sa mga batas at kapritso ng palengke, tulad ng pagtaas at pagbaba ng presyo. Tulad sa karaniwang kalakal, ibinibenta ang ating lakas-paggawa ayon sa presyong palengke na mataas o mababa sa tunay na halaga, na nakabatay naman sa kinakailangang halaga para likhain muli ang kalakal – ibig sabihin, sa pangangailangan natin para makapagtrabaho at makabalik muli sa trabaho kinabukasan. At sa lipunang tulad ng Pilipinas, ginagamit na instrumento ng mga kapitalista ang napakaraming walang trabaho para lalong baratin ang sahod ng mga manggagawa. Lagi na lang mas marami ang nangangailangan ng trabaho kaysa kayang iempleyo. Laging mas marami ang populasyon kaysa kailangan ng kapitalistang produksyon. Kaya nakapagtatakda ang kapitalista ng mas mababang sahod at iba't ibang kondisyon ng paggawa, tulad ng kalakarang kaswal o kontraktwal. Wala naman tayong magawa kung hindi tanggapin ito kung nais pa nating mabuhay. Subalit dala na rin ng paglala ng krisis pangkabuhayan sa bansa, kumikitid pang lalo ang pagkakataon para sa atin at sa mga mamamayan na magkaroon ng trabaho na may nakabubuhay na sahod. Kaya marami sa mga walang trabaho ang napupunta sa mga iregular o impormal na trabaho sa sektor ng serbisyo – lalo na sa maliitang pagbebenta, transportasyong publiko at pangangatulong. Kalahati na rin halos ng pwersa ng paggawa ay nasa trabahong impormal, sa mga tinatawag na "*own account*" o di-bayad na trabaho sa pamilya. Tuloy sa kalagayang ito'y lalong humuhungos ang mga manggagawa at mamamayan para mag-OFW, at ayon mismo sa datos ng gobyerno ay umaabot na ang lumalabas ng bansa sa dalawang milyon sa isang taon para lang magtrabaho. Samantala, kinukuha ang sweldo ng mga kawani ng gobyerno sa badyet ng pamahalaan – na ang kalakha'y galing sa buwis ng mamamayan.



Subalit ang napakalaking parte ng badyet ay napupunta lang sa pagbabayad ng utang panlabas ng bansa at sa pondo ng militar. Tinatayang halos 40% ng badyet ay napupunta sa matataas na opisyal ng gobyerno at mga burukrata-kapitalista – sa porma ng naglalakihang mga alawans, bonus, *discretionary funds* at *intelligence funds* na silasila rin ang nagpapasya, bukod pa sa mga tiwaling transaksyon sa mga proyekto ng pamahalaan. Napakaliit ang napupunta sa sweldo ng mga kawani ng pamahalaan at sa mga serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon at kalusugan. Sa Pilipinas, talaga namang sobra-sobra ang tubong nakakamal ng malalaking kapitalistang dayuhan at komprador. At patuloy pa itong lumalaki sa paglipas ng panahon.

Sinasabi mismo ng dating tagapayong pang-ekonomiya ng rehimeng Arroyo, si Joey Salceda, na sa buong panahon ng panunungkulan niyon, lumobo ang kabuuang kita ng nangungunang 1,000 korporasyon sa bansa nang P3.1 Trilyon. Dito, ibinulsa ang P2.1 Trilyon bilang tubo o dibidendo ng mga *stockholder* ng kumpanya, habang P1 Trilyon lang ang ibinalik sa pamumuhunan. Dagdag pa niya, lumalaki ang kabuuang tubo ng mga kumpanyang ito nang 21% kada taon, gayundin ang kanilang *return on equity* o pamumuhunan nang 15% kada taon sa buong panunungkulan ni Pangulong Arroyo. Sabi pa niya, hindi talaga napunta ang mga "paglago" na ito ng ekonomiya sa mga mamamayan [9]. Ayon naman sa Ibon Foundation, noon pa ring 2006, habang 36% ng yaman ng bansa ang nasa kamay ng pinakamayamang 10% ng populasyon, 35% lamang nito ang nasa kamay ng pinakamahirap na 70% ng populasyon. Batay sa listahan ng *Forbes Asia Magazine* ng pinakamayayamang Pilipino nitong 2011, katumbas ng kabuuang yaman ng 20 pinakamayamang Pilipino – kabilang sina Lucio Tan, Henry Sy, Lucio Tan & family ,Enrique Razon, Jr., Andrew Tan ,Eduardo "Danding" Couangco David Consunji & family, George Ty & family ,Enrique Razon,Lucio & Susan Co etc  at iba pa – ang kabuuang kita ng tinatayang 12 milyong pamilya sa bansa.